# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 39 BILANG 10 BASAHIN AT TALAKAYIN OKTUBRE 2019


EDITORYAL

## Ibunsod ang malawak na pakikibakang magsasaka laban sa terorismo at pagpapahirap ng rehimeng US-Duterte

Patuloy ang pagbaba ng kalidad ng pamumuhay ng mamamayang Pilipino. Anuman ang gawing pagdodoktor ng mga kinomisyong sarbey ng rehimen tungkol sa pag-unlad ng kabuhayan ng mamamayan, hindi maitatanggi at nagdudumilat ang katotohanang mas maraming Pilipino ang nagugutom ngayon. Tanging higit na pagdarahop ang dulot ng mga itinataguyod na neoliberal na patakaran ng rehimeng US-Duterte. Sa gitna ng pagdarahop na ito, nariyan ang mga magsasakang busabos at labis na pinagsasamantalahan sa lipunang malakolonyal at malapyudal.

Sa pagsasabatas ng Rice Import Liberalization Law (RA 11203) o mas kilala bilang Rice Tarrification Law (RTL), hindi pa rin bumababa ang presyo ng bigas sa merkado bagkus ay bumulusok pa ang presyo ng palay. Higit na nababaon ang mga magsasaka sa utang dahil sa RTL na nagdulot ng pagbagsak ng presyo ng palay nang hanggang P7-14 kada kilo. Nababaon sa utang ang mga magsasaka sa palayan dahil sa murang presyo ng kanilang produkto at mataas na gastos sa produksyon nito. Aabot sa P23-25 kada kilo ng palay ang gastos ng isang magsasaka sa palayan, hindi pa kasama ang upa sa lupa at interes sa utang. Kung ikukumpara sa ibang bansa sa Asya, ang Pilipinas ang isa sa mga bansang may pinakamahal na produksyon ng palay.

Sa Timog Katagalugan, malaki ang ibinaba ng presyo ng palay. Sa Laguna at Mindoro na tinaguriang *rice granary* ng rehiyon, aabot na lamang sa P12-14 kada kilo ang presyo ng palay mula sa P17-24 kada kilo. Pinakamababa ang presyo nito sa Sablayan, Occidental Mindoro kung saan umaabot lamang sa P7-10 ang kada kilo ng palay.

Kabilang din ang mga magsasaka sa nyugan sa hinahambalos ng neoliberalismo. Sa bungad pa lang ng taong 2019, sumadsad sa P10



KALATAS
Oktubre 2019
TOMO 39 BILANG 10

NILALAMAN

1 Editoryal: Ilunsad ang malawak na pakikibakang magsasaka laban sa terorismo at pagpapahirap ng rehimeng US-Duterte

4 Pambansang badyet:

6 Jeepney phaseout at modernisasyon

8 Tugon ni Patnubay de Guia: Hinggil sa tugon ng rebolusyonaryong kilusan sa mga suliranin ng masang anakpawis

9 Kilos Protesta: Kampuhang magsasaka ng TK, matagumpay na inilunsad!

10 Bantay Karapatan

11 Balitang TO

12 Kultura: Kabuluhan ng Pag-aambag

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

kada kilo ang presyo ng kopra at P2-4 kada kilo ang presyo ng buong niyog. Sa ganitong presyo, aabot lamang sa P10,000 ang kikitain ng maglulukad sa 1,000 kilo ng kopra. At kung kinaltas pa ang mga bayad sa utang, upa sa lupa at iba pang hindi makatwirang kaltas, aabot lamang sa P2,000-P4,000 ang kanyang kikitain. Kulang na kulang ito para pakainin ang pamilyang may limang miyembro dagdag pa ang gastos sa pag-aaral ng mga anak at pangkalusugan.

Ngunit kahit ganito na ang kalagayan ng mga magniniyog, ipinagkakait pa rin sa kanila ang mahigit sa P200-bilyong pisong *coco levy fund* na dapat sana'y nagagamit para maging ayuda sa mga magsasaka at subsidyo sa produksyon ng niyog sa bansa. Ganito ang kalagayan ng maraming magsasaka sa nyugan sa Quezon, Batangas at Oriental Mindoro.

Sa bisa naman ng Sugar Industry Development Act (SIDA), napapanatili ng mga panginoong maylupa sa tubuhan ang kanilang kontrol sa buong produksyon ng asukal. Isinasandig nito sa mga patakarang neoliberal ang industriya ng asukal na nagtatali sa mga magsasaka sa tubuhan sa higit na pagsasamantala. Tinitiyak ng SIDA na mananatiling *imported* ang malaking bahagi ng suplay ng asukal sa bansa.

Dagdag na pahirap naman sa mga manggagawang bukid sa tubuhan ang sistemang pakyaw, kung saan kumikita lamang sila ng P1,000-P1,500 kapalit ng 15 araw na pagtatrabaho sa panahon ng *milling season* na bumababa ng P200-P500 lamang kada kinsenas tuwing *off-milling season*. Malaking tulong sana ang Sugar Amelioration Fund o pondong nakalaan para sa pagpapaunlad sa industriya ng asukal subalit tulad ng *coco levy fund* ay hindi ito natatamasa ng mga magsasaka.

Nananatiling mahigpit ang kontrol ng imperyalismong US sa sektor ng agrikultura sa bansa dahil sa mga hindi pantay na kasunduang pang-ekonomiya tulad ng General Agreements on Tariffs and Trade-World Trade Organization at Asian Free Trade Agreement. Sa pamamagitan ng mga kasunduang ito, ipinapataw ng imperyalismong US ang neoliberalismo sa agrikultura ng bansa. Sa pangangayupapa sa interes ng mga dayuhang amo, mas pinipili ng gobyerno na bigyang-prayoridad ang mga *imported* na produkto at pinapatay ang lahat ng lokal na industriya ng agrikultura.

Dulot nito, umaamot ng kakarampot na barya ang mga magsasaka kapalit ng kanilang matinding pagtatrabaho sa pagbubungkal ng lupa habang pinipiga ang kanilang bulsa ng napakataas na presyo ng mga bilihin at serbisyo. Kung sino pa ang lumilikha ng pagkain, sila pa ang nagugutom at hindi nakatatamasa ng kanilang mga pinaghihirapan. Walang tunay na reporma sa lupa ang kasalukuyang rehimen at nagpapatuloy ang matinding kawalan ng lupa ng mga magsasaka dahil sa monopolyong kontrol sa malalawak na lupain ng mga panginoong maylupa at mga dayuhang korporasyon at plantasyon.

Samantala, malalawak na mga lupain ang napasailalim na sa pagpapalit-gamit ng lupa mula agrikultural tungong gamit industriyal, komersyal, residensyal at ekoturismo. Kaya't hindi na kataka-takang wala nang mapuntahan ang masang magsasaka. Parami nang parami ang mga magsasakang baon na sa utang at inaagawan ng kakarampot na lupang pagmamay-ari nila.


Habang nagpapatuloy ang paghihirap ng mga magsasaka dulot ng mga neoliberal na patakarang itinataguyod ng rehimeng US-Duterte, pinahihirapan pa sila lalo ng mga anti-mamamayang batas

na ipinatutupad ng rehimen. Mula nang maisabatas ang TRAIN Law, patuloy na tumataas ang implasyon sa bansa na nagdulot ng pagsirit ng presyo ng mga pangunahing bilihin at higit na paglaki ng gastos sa produksyon.

Malakas ang panawagan para sa pagpapabuti ng kabuhayan ng masang magsasaka ngunit tinutugon ito ng rehimen ng ibayong mabangis na panunupil at terorismo ng estado. Target ang masang magsasaka ng pinakamasasahol na atake ng rehimen—pamamaslang, pagdukot, pag-aresto at pagkulong, dislokasyon at matinding takot. Panlipunang hustisya at pagbuti ng kabuhayan ang umaalingawngaw at dumadagundong na sigaw ng mga magsasaka sa kanayunan. Para sa kanila, tanging ang demokratikong rebolusyon ng bayan lamang ang magbibigay ng maaliwalas na pagbabago sa lipunang Pilipino. Itinataguyod nito ang programa para sa pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa. Sa kanayunan, isinusulong nito ang rebolusyong agraryo upang tugunan ang batayang suliranin ng mamamayang Pilipino—ang kawalan ng lupang mabubungkal upang bigyang katuparan ang matagal nang karaingan ng masang magsasaka para sa lupa at hubugin ang kanilang uri bilang isang dambuhalang pwersa para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon.

Ang uring magsasaka ay masasaligang pwersa ng rebolusyon. Ang kanilang mga palad na ginagamit nila sa produksyon ang siya ring tumatangan ng armas para sa armadong rebolusyon. Isinasanib nila ang kanilang pakikibaka sa lakas at pamumuno ng uring manggagawa. Binubuo nila ang saligang alyansa sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas upang hamigin ang lahat ng demokratiko at progresibong pwersa para sa rebolusyon. Ito ang magtatakwil sa isang nabubulok na lipunang malakolonyal at malapyudal at siyang magdudulot ng tunay na pagbabagong panlipunang mamamayani ang ganap na demokrasya, hustisya at kasaganaan.

Kailangang ibunsod ang malakas na pakikibaka ng uring magsasaka sa iba't ibang hambalos ng neoliberal na patakarang pang-ekonomya na sumisira sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Pilipino. Ilantad ang kainutilan ng rehimeng US-Duterte at papanagutin siya sa pangangayupapa sa interes ng mga dayuhang among imperyalista. Kasabay nito, labanan ang lahat ng tipo ng pandarahas ng rehimen at palakasin ang rebolusyonaryong hanay sa pamamagitan ng pagpapasapi ng pinakamabubuting anak ng bayan sa BHB. K



BALITA

## Deklarasyong 'insurgency-free' ang Laguna, pinabulaanan ng NDFP-ST

Pinabulaanan ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng National Democratic Front of the Philippines-Southern Tagalog ang deklarasyon ng lokal na gobyerno ng lalawigan at mga opisyal ng 2nd ID at Laguna Provincial Police Office na *"insurgency-free"* na ang lalawigan. Naganap ang pirmahan ng Memorandum of Agreement (MOA) para ideklara ang probinsya bilang "Stable Internal Peace and Security" noong Setyembre 26 sa Laguna Provincial Capitol.

Inilinaw ni de Guia na ang matagal na kawalan ng labanan sa pagitan ng NPA at AFP-PNP, na siyang pinagbabatayan ng deklarasyon ay ampaw at tipikal na halimbawa ng kamangmangan ng 2nd ID at lokal na gobyerno ng probinsya sa katangian ng NPA bilang pwersang gerilya. "Ang BHB ay nagpapatupad ng malawak at masinsing pakikidigmang gerilya na nakabatay at umaalinsunod sa papalawak at papalalim na baseng masa kaya siya ang nagtatakda kung kailan at saan siya maglulunsad ng taktikal na opensiba para bigwasan ang palalong AFP at PNP…" pagpapalawig pa ni de Guia.

Bahagi lamang umano ng mga nakatagong bungkos ng kasinungalingan ang deklarasyong ito na inihanda at unti-unting inilalabas ng reaksyunaryong estado alinsunod sa nilalaman at disenyo ng *whole-of-nation approach* ng JCP Kapanatagan ng pasistang rehimeng US-Duterte. Sa huli, sinabi ni de Guia na ang mamamayan ng Laguna ang makapagpapatunay na nagpapatuloy ang pakikibakang masa sa probinsya laban sa pasistang rehimeng US-Duterte. K

# Pambansang badyet: Pagkamkam at pagwaldas ng rehimeng US-Duterte sa kaban ng bayan

Pinakamalaki sa kasaysayan ng Republika ng Pilipinas ang P4.1 trilyong panukalang pambansang badyet ng rehimeng Duterte para sa taong 2020. Mas mataas ito ng 12% sa P3.6 trilyong badyet ngayong taon. Takam na takam na rito ang mga burukrata-kapitalista, mga opisyal ng AFP-PNP at mga imperyalistang bansa na pihadong pinaghati-hatian at itinakda na ang kani-kanilang bahagi.

Kasama sa malaking badyet ng rehimeng US-Duterte ang pambayad sa interes ng utang panlabas na kailangan nito upang tustusan ang magagarbong proyektong pang-imprastraktura sa ilalim ng Build, Build, Build. Gayunpaman, hindi sasapat ang utang panlabas upang punuan ang napakalaking pondo na target ng rehimen. Manggagaling pa rin ang kalakhan ng badyet sa 2020 sa buwis ng karaniwang mamamayan.

**Piniga mula sa anakpawis**

Sunud-sunod na umano'y reporma sa pagbubuwis ang inaprubahan ng rehimen upang maitaas ang koleksyon nito. Kabilang na rito ang pagtataas ng *sin tax* o buwis sa alak, sigarilyo at *e-cigarette*. Nauna rito'y ipinatupad ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion o TRAIN Law na nagpataw ng doble-dobleng buwis sa mamamayan sa anyo ng taas-pasahe, mas mahal na mga bilihin at dagdag-singil sa mga serbisyo.

Kung pahirap sa karaniwang tao ang TRAIN Law, pabor naman sa mayayaman ang Tax Reform for Attracting Better and Higher-quality Opportunities o TRABAHO Bill. Ibababa nito ang buwis ng mga kumpanya mula 30% tungong 20% sa loob ng 10 taon at magdadagdag din ng mga insentibong piskal sa pribadong sektor.

Malaking kalokohan ang iskema ng rehimeng Duterte sa pagbubuwis: dagdagan ang buwis na pasan ng mahihirap habang ibinababa ang buwis ng mayayaman. Masahol pa rito, hindi natatamasa ng mamamayan ang mga benepisyo na dapat sana'y kapalit ng pagbabayad nila ng buwis.

Bagamat kabilang ang Department of Education at Department of Health sa mga kagawarang pinag-uukulan ng pinakamalalaking pondo, kulang na kulang pa ito para matugunan ang pagtataas ng sahod na matagal nang ipinapanawagan ng mga pampublikong guro, nars, at iba pang kawani ng gubyerno. Hindi rin sapat ang badyet para maisaayos ang matagal nang problema sa mga pampublikong pasilidad gaya ng kakulangan sa mga ospital at klasrum.


Sa halip na bigyang-prayoridad ang agrikultura, sektor ng edukasyon at kalusugan, pampublikong pabahay at iba pang serbisyong sosyal, mas pinili ng gubyernong Duterte na buhusan ng pondo ang badyet sa depensa, mga proyektong pang-imprastraktura na gatasan ng mga pulitiko at ang inaabangang *pork barrel* ng mga burukrata-kapitalista.

**Pondong laan sa kurapsyon**

Maaga pa lang ay kinuwestyon na ang tinatayang higit P35-bilyong *pork barrel* para sa mga senador at kongresista. Pagtatanggol ni House Speaker Alan Cayetano, tsismis lamang ang pagkakaroon ng *pork* sa panukalang badyet.

Hindi tsismis ang pag-iral ng *pork barrel* sa ilalim ni Duterte. Buhay na buhay ito sa kinagawiang paglalaan ng tig-P100 milyon sa bawat kongresista ng mababang kapulungan at tig-P200 milyon naman kada senador. Wala itong pinagkaiba sa Priority Development Assistance Fund (PDAF) at Disbursement Acceleration Program (DAP), mga anyo ng *pork barrel* na idineklara ng Korte Suprema na labag sa reaksyunaryong Konstitusyong 1987 noon pang panunungkulan ni BS Aquino.

Ang walang konsensyang pangungurakot ng mga kongresista ay



tinatapatan ng lantarang pagkamkam ng pondo ng mismong opisina ni Duterte. Tinaasan ng rehimen ang alokasyon ng lihim na pondo *(confidential funds)* at pondong pangsarbeylans mula P7.032B noong 2019 tungong P8.28B para sa 2020. Sa kabuuang P8.28-bilyong badyet, P4.5B ang mapupunta sa Malakanyang—P2.25B sa *intelligence* o paniktik at P2.25B sa 'lihim' na gamit ng pangulo.

Mas mataas pa ang badyet ni Duterte sa sarbeylans at paniktik kaysa sa Department of Interior and Local Government, Department of National Defense (DND), AFP, PNP at National Intelligence Coordinating Agency. Napakadaling lustayin ng bilyun-bilyong pisong pondong ito dahil hindi ito binubusisi ng Kongreso at Department of Budget and Management. Hindi rin ito isinasapubliko sa ngalan ng 'pag-iingat sa pambansang seguridad'. Sa ganitong aspeto mas malala pa ito sa *pork barrel* dahil may basbas ng batas ang pagsisikreto ng pinaggamitan nito.

**Pantustos sa kontra-mamamayang gyera**

Sadyang ililihim ng rehimen ang pinagdadalhan ng pondo sa paniktik at sarbeylans dahil bahagi ito ng bilyun-bilyong pisong inuubos sa kontra-mamamayang gyera.

Para sa taong 2020, humihingi ang DND ng P258B. Kasama na rito ang badyet para sa iba't ibang organisasyon ng AFP: P91.5B sa Philippine Army, P29.02B sa Philippine Navy at P25.9B sa Philippine Air Force. Mas mataas ito ng P5B sa badyet na nakuha ng ahensya ngayong taon.

Ikaapat ang DND sa mga ahensyang may pinakamataas na pondo para sa 2020. Malaking bahagi ng panukalang badyet nito ay nakalaan sa modernisasyon ng arsenal ng AFP. Ipambibili ito ng mga bagong *helicopter,* eroplanong pandigma, sasakyang pandagat, mga *missile* at *radar system* at iba pang kagamitang diumano'y magpapaunlad sa depensang panlabas ng bansa.

Samantala, lumaki ng P11.4B o 30% ang nakalaang pondo para sa PNP. Makakakuha ng P184.9 bilyon ang PNP sa 2020 na anila'y gagastahin sa paglaban sa 'iligal na droga at kriminalidad'. Kabilang din sa badyet ang gastos sa pagdadagdag ng personel ng PNP.

Idinadahilan ng rehimen ang banta ng China at ang lumalalang kriminalidad ngunit ang totoo'y dinagdagan nito ang pondo ng AFP-PNP sa higit na mabangis at matinding gyera laban sa rebolusyonaryong kilusan. Handa ang rehimen na ubusin ang kaban ng bayan matupad lang ang pangarap nitong durugin ang PKP-BHB-NDFP. Naglaan ito ng P522M sa kabubuo lamang na National Task Force to End Local Communist Armed Conflict para sa susunod na taon.

Dito sa TK, ipinagmamayabang na ng AFP ang mga bagong biling gamit nito sa pakikidigma gaya ng mga *drone, night-capable helicopter, thermal imagers, naval assets* at mga kagamitang pang-*track* ng signal. Tiyak na madadagdagan pa ito sa susunod na taon kasabay ng pagbubuhos ng salapi sa programang E-CLIP na inasukalang balang katambal ng kampanya ng pekeng pagpapasurender ng rehimen.

**Alay sa imperyalista**

Bukod sa mga lokal na burukrata, nakaabang na ang mga imperyalistang bansa sa pambansang badyet na mistulang alay ni Duterte sa mga dayuhang kapangyarihan.

Pangunahing makikinabang sa badyet ang mga bansang uutangan ng rehimen para sa Build, Build, Build. Isa na rito ang China na nakatakdang magpautang para sa labindalawa ng 35 mayor na proyekto ng BBB, kabilang na ang New Centennial Water Source-Kaliwa Dam na itatayo sa Quezon. Sa P18-bilyong badyet ng Kaliwa Dam, P12B ay utang sa China.

Malaki rin ang kikitain ng mga bansang nagbebenta ng mga kagamitang pandigma sa Pilipinas, laluna ng US na pangunahing pinagbibilhan ng armas ng AFP. Sa nakaraang taon ay ibinandila ng AFP ang pagbili ng mga barkong pandigma mula sa South Korea at mga bagong baril mula sa Israel na parehong mga galamay ng imperyalismong US.

Sa ganitong disenyo'y malinaw na magiging kasangkapan lamang ang panukalang badyet sa 2020 sa pagtataguyod sa pasistang paghahari ni Duterte. Gagamitin lamang ang kaban ng bayan upang bilhin ang katapatan ng kanyang mga alipures at dahasin ang lahat ng itinuturing na kalaban ng rehimen. Lubos itong ikagagalit ng sambayanan na wala na ngang makain sa tindi ng krisis ay pinipiga pa ng rehimen, matustusan lamang ang kapritso ng mga kurakot at ang madugong gyera nito. Pabibilisin nito ang paniningil ng mamamayan kay Duterte na tiyak na hahantong sa pagbagsak ng kanyang paghahari. K

*BANTAY KARAPATAN*

## Mga aktibistang nagtataguyod sa karapatang-tao, iligal na inaresto't ikinulong sa Palawan


Iligal na inaresto ang pitong *human rights worker* kabilang ang dating tagapagsalita ng Karapatan-ST na si Glen Malabanan noong Oktubre 5. Galing sila sa isang matagumpay na Human Rights Investigation sa bayan ng Taytay nang harangin sila sa isang tsekpoynt ng pinagsanib na pwersa ng AFP at PNP sa Puerto Princesa City, Palawan. Pinalalabas ng militar na mga kasapi ng BHB sina Malabanan at tinamnan ng mga pekeng ebidensya. K

# *Jeepney phaseout at modernisasyon*
# Daan tungong korporatisasyon ng pampublikong transportasyon

Kapus na kapos ang salitang manhid para ilarawan ang aktitud ng gubyernong Duterte sa malubhang kalagayan ng pampublikong transportasyong pang-masa. Sa harap ng walang katapusang trapik, kakulangan ng pampublikong sasakyan at napipintong malawakang pagtatanggal sa mga *jeep*, nagagawa pa nitong umimik na "walang krisis sa transportasyon" at "dapat magbiyahe nang mas maaga."

Hindi uubra ang ganitong kagaspangan ng rehimeng Duterte sa mamamayan. Ipinakita ng matagumpay na pambansang tigil-pasada kontra sa *jeepney phaseout* noong Setyembre 30 na handang lumaban ang mamamayan para sa mas maayos at makataong sistema ng transportasyon. Kung desidido ang reaksyunaryong gubyerno na patayin ang hanapbuhay ng mga drayber at opereytor, mas determinado silang labanan ang korporatisasyon ng mga prangkisa ng *jeep.*

Sa TK, naparalisa ang 70-100% ng mga biyahe sa Rizal, Cavite, Batangas at Laguna. Naparalisa ng pagkilos ang mga mayor na lansangan hanggang sa mapilitan ang mga eskwelahan, opisina at maging mga tanggapan ng gubyerno na magsuspinde ng pasok.




**Hari ng lansangan, biktima ng korporatisasyon**

Bago pa man umarangkada ang *jeepney phaseout* ay patung-patong na ang problema ng mga tsuper.

Pumapalo ang *diesel* ng P40 kada litro, kaya sa isang araw na pasada na gagamit ng abereyds na 30 litro ay P1,200 agad ang gastos. Napakamahal din ng *lubricating oil, grasa, wax* at *petrolatum* na kailangan sa pagmamantine ng *jeep*. May boundary pa at gastos sa rehistro, multa at iba pa. Ang ipinagmamalaking subsidyo sa langis na Pantawid Pasada Program (PPP), sa halagang halos P20,000 kada yunit ng jeep ngayong 2019 ay kapus na kapos sa dalas ng pagtaas ng presyo ng langis at tiyak na kukurakutin lamang ng mga magpapatupad nito.

Sa gitna ng ganitong kalagayan, itinulak ni Duterte ang PUV Modernization Program sing-aga ng 2017. Layon umano nitong dalhin sa modernong panahon ang pampublikong transportasyon. Ikinubli sa ganitong katwiran ang walang-pusong plano na alisin ang may 300,000 *jeep* sa buong bansa at palitan ang mga ito ng mga diumanong modernong *e-jeep* pagdating ng 2021.

Wawasakin ng planong ito ang hanapbuhay ng halos isang milyong maliliit na opereytor at drayber na walang kakayahang bilhin ang mga inilalakong *e-jeep* sa halagang higit P2 milyon kada piraso, dagdag pa ang P7-10 milyong kapital na kailangan para sa prangkisa ng mga bagong sasakyan. Nagbabala ang mga tsuper na maaapektuhan ng sobrang magastos na 'modernisasyon' ang pamasahe dahil dito babawiin ng mga opereytor ang kanilang malaking puhunan.

Ang 'modernisasyong' isinusulong ng rehimen ay iskema upang pagkakitaan ng reaksyunaryong gubyerno at mga burgesya komprador ang sektor ng transportasyon. Naghihintay ang malalaking burgesya komprador na kasosyo ng mga dayuhang kumpanya sa mahuhuthot nilang supertubo rito, mula sa pagbebenta ng mga *e-jeep*, kontrata sa pagmamantine at maging sa pagtatayo ng mga terminal at mga pasilidad na kaakibat nito.

Napakalaki rin ng interes ng mga programang pautang na inihahain ng rehimen sa mga tsuper at opereytor sa pamamagitan ng iba't ibang bangko at ahensya ng gubyerno.

**Panlalansi sa publiko at pandarahas sa mga tsuper**

Malinaw ang batayan ng pagtutol ng mga tsuper at opereytor sa *jeepney phaseout* at sa kontra-mamamayang 'modernisasyon'. Sa kabilang banda'y tusong minamanipula ng reaksyunaryong gubyerno ang isyu upang lansihin ang mamamayan at pagkaitan ang mga tsuper ng suportang publiko.

Pinalalabas ng gubyernong Duterte na malinis ang intensyon nito sa modernisasyon at pakay lamang na tiyakin ang kaligtasan at kaginhawaan ng mga pasahero. Tinatawag nitong bulok at sira ang mga lumang *jeep* sa kalsada. Inaakusahan nitong kontra-modernisasyon ang mga tumututol na drayber, opereytor at iba pang mga organisasyong sumusuporta sa laban ng mga tsuper para sa kanilang kabuhayan. Pinakamasahol ang pagtawag ng Malakanyang sa mga organisasyon ng mga tsuper at opereytor na 'rebelde' at nasusulsulan lang daw ng mga maka-kaliwang grupo.

Kasabay ng paninira ang panggigipit at pandarahas ng rehimeng US-Duterte sa mga nakikibakang tsuper. Isa na rito ang ipinatupad na Tanggal Bulok, Tanggal Usok ng LTFRB kung saan hinuhuli sa daan ang mga 'lumang' *jeep* at sinisingil ang mga tsuper ng P5,000 kada sira. Mayroon ding insidente ng mararahas na paghila at sapilitang paggarahe sa mga *jeep* na hindi naiuulat sa masmidya o kung mailabas man ay binabaluktot upang pagmukhaing bayolente ang mga drayber.

Sa kabila ng pagsisikap ng rehimen na patahimikin ang mga tsuper at opereytor ay hindi pa rin nito magawang supilin ang kanilang pakikibaka. Patuloy ang mga protesta at tigil-pasada mula 2017 hanggang ngayon. Patuloy rin ang pag-ani ng mga tsuper ng suporta mula sa iba't ibang sektor at alyado. Dahil dito'y hindi matabun-tabunan ng rehimen ang panawagan at mga inihahapag na alternatibo ng mga tsuper sa modernisasyong kumikiling sa mga burgesya komprador.

**Nasyunalisasyon at rehabilitasyon**

Panukala ng mga tsuper at opereytor, imbes na i-*phaseout* ang mga jeep, dapat suportahan at ayusin ng reaksyunaryong gubyerno ang pampublikong transportasyon. Kung maglalaan ang gubyerno ng pondo para sa rehabilitasyon ng mga jeep, tiyak na mapapahusay ang sistema ng transportasyon para sa kapakinabangan ng kapwa tsuper at mga mananakay. Makakatulong din ito sa pagpapasigla ng lokal na manupaktura na magsusuplay ng mga parte ng sasakyan.

Karugtong ng laban ng mga tsuper at opereytor kontra sa PUV Modernization ang pagsasabansa ng transportasyon na nasa programa ng demokratikong rebolusyong bayan. Sa ilalim ng pagsasabansa o nasyunalisasyon, estado ang magpaplano at magpapatakbo ng pampublikong transportasyon at titiyaking mura, mabilis, at maginhawa ang biyahe ng mamamayan. Ituturing itong serbisyo at gagawing prayoridad ang kapakanan ng mga mananakay at tsuper kaysa sa tubo ng mga kumpanya sa transportasyon.

Wala sa hinagap ni Duterte at ng kanyang gabinete na tulungan ang mga tsuper na ayusin ang kanilang mga *jeep* o isabansa ang transportasyon. Sa halip na humanap ng solusyon, pinakukulo pa ng rehimen ang sitwasyon sa mga insensitibo nitong hakbangin at itim na propaganda. Panahon na lang ang binibilang bago ito tuluyang sagasaan ng walang mapaglagyang galit ng sambayanang sawa na sa bulok at anti-mamamayan nitong paggugubyerno. K



## Mamamayan sa baybayin ng Bacoor, nagkilos-protesta laban sa reklamasyon

Nagkilos-protesta ang mga mangingisda at maralitang lungsod sa mga *coastal* barangay ng Bacoor, Cavite noong Oktubre 1.

Tinututulan nila ang proyektong reklamasyon sa tinatayang aabot sa 421 ektaryang baybayin sa nasabing lugar at iginiit ang paninindigan mismo ng DENR sa deklarasyon nitong kanselasyon ng Environment Compliance Certificate. Hiling nila sa lokal na gobyerno ng syudad sa pangunguna ni Lani Mercado-Revilla na igalang at sundin ang desisyon ng DENR.

Ang Bacoor City Reclamation Project ang pangalawa sa pinakamalaking proyekto sa 12 Manila Bay Reclamation Project, na sumasaklaw sa 1,330 ektarya.

## Mga manggagawa ng Wyeth-Nestlé, nagpiket

Nagpiket ang mga manggagawa ng multinasyunal na kumpanyang Wyeth-Nestle noong Oktubre 14 sa harap mismo ng kumpanya nito sa Cabuyao, Laguna matapos ang kanilang *collective bargaining agreement* (CBA). Sa naging resulta ng CBA, kakarampot ang dagdag-sahod para sa manggagawa kumpara sa limpak-limpak na tubo ng Wyeth-Nestlé na kumikita ng aabot sa P17 bilyon kada taon.



**TUGON NI PATNUBAY DE GUIA**

# Paano tinutugunan ng rebolusyonaryong kilusan ang mga suliraning kinahaharap ng masang anakpawis sa larangan ng ekonomya, pulitika at sosyo-kultura?

Wasto, makabayan, demokratiko at superyor ang mga alternatibong programa ng rebolusyonaryong kilusan sa larangan ng ekonomya, pulitika at sosyo-kultura laban sa huwad, bulok, anti-mamamayan at makadayuhang programa ng pasistang rehimeng US-Duterte.

Ang Programa para sa Pambansa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (PPDR) ng PKP-BHB-NDFP ay naglalaman ng mga programa sa pakikibaka para sa pagsusulong sa interes at adhikain ng sambayanang Pilipino na naghahangad ng isang malaya, demokratiko at maunlad na lipunang Pilipino. Nilalayon nitong palayain ang lahat ng masang anakpawis at buong bansa mula sa dominasyon ng dayuhan at mga lokal na naghaharing pangkatin mula sa uring malalaking panginoong maylupa at burgesya komprador at sa gayon sumulong sa sosyalistang rebolusyon at kontruksyon.

Nilalabanan nito ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo na siyang pangunahing dahilan kung bakit nananatiling bansot, atrasado at pre-industriyal ang kalagayan ng ekonomya ng bansa at siyang nagsasadlak sa sambayanang Pilipino sa labis na kahirapan at pagkabusabos.

Nilalaman ng binalangkas na Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reform (CASER) ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), na ikalawang substansyal na agenda sa usapang pangkapayapaan sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP), ang mga saligang programa sa ekonomiya ng PPDR. Pangunahin ang pagsasakatuparan ng tunay at puspusang reporma sa lupa at pagpapatupad ng pambansang industriyalisasyon. Laman din ng CASER ang pagtiyak na makatarungan at may masaganang kabuhayan ang mamamayan. Mulat na pinangangalagaan at ipinagtatanggol ang pambansang soberanya at patrimonya at pinoprotektahan ang kalikasan mula sa pagsasamantala, pandarambong at pagwasak ng mga dayuhang korporasyon, kasabwat ang mga lokal na malalaking panginoong maylupa at burgesya komprador.

Ang pinakamapagpasyang bahagi sa ekonomya, kabilang ang mga bangko at ibang mga institusyon sa pinansya, mga estratehikong empresa, mga pangunahing pinagkukunan ng hilaw na materyales at mga instrumento ng transportasyon at komunikasyon, ay isasabansa at ituturing na pag-aari ng demokratikong estado ng bayan upang matiyak ang planadong pag-unlad ng ekonomya at mailatag ang pundasyon ng sosyalismo.

Kagyat na tinutugunan ng rebolusyonaryong kilusan ang mga kahilingan at pangangailangan ng masang anakpawis sa proseso ng pakikibaka kahit hindi pa man ito nagtatagumpay sa buong bayan.

"Libreng ipamamahagi ang lupa sa mga nagbubungkal na walang lupa. Papawiin ang upa sa lupa, pagsasamantala sa upahang paggawa, usura, manipulasyon sa presyo at iba pang mga pyudal at malapyudal na pagsasamantala. Itataguyod ang mga pangkat-tulungan at sistema ng palitan ng paggawa bilang paunang hakbang tungo sa mas matataas na anyo ng kooperasyong agrikultural. Sa pamamagitan ng kooperasyong agrikultural, iaangat at mahusay na paplanuhin ang produksyon at titiyaking maibebenta ang mga produkto sa pinakamahusay na posibleng presyo, at gagarantiyahan ang mga serbisyong pangkagalingan."

Sa mga sona't larangang gerilya ng rehiyong Timog Katagalugan at sa iba't ibang panig ng bansa malaganap nang pinatutupad ng rebolusyonaryong kilusan ang iba't ibang anyo ng kampanya at pagpapakilos sa masang anakpawis na kagyat na tumutugon sa pangangailangan at pag-aangat ng kanilang kabuhayan.

Pinakatampok na kampanya ang pagsusulong sa minimum na programa ng rebolusyong agraryo sa anyo ng mga kampanya sa pagpapababa sa upa-sa-lupa, sa pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid at maralitang magsasaka, sa pagpawi sa usura at sa pagpapataas ng presyo ng produktong bukid. Sa malalakas na bahagi ng mga larangang gerilya sa rehiyon, naipapatupad

> ***"Kagyat na tinutugunan ng rebolusyonaryong kilusan ang mga kahilingan at pangangailangan ng masang anakpawis sa proseso ng pakikibaka kahit hindi pa man ito nagtatagumpay sa buong bayan."***

na ang libreng pamamahagi ng lupa at ngayon ay tuluy-tuloy na pinakikinabangan ng mga magsasaka ang bunga ng nasabing mga tagumpay.

Ang hindi magawa ng reaksyunaryong estado na iangat ang kabuhayan ng mga magsasaka ay nagagawa na ng rebolusyonaryong kilusan sa maraming panig ng rehiyong TK at bansa.

Mataas ang pagmamalasakit ng rebolusyonaryong kilusan sa masang anakpawis upang kagyat na matugunan ang kanilang pangangailangan at kapakanan. Bukod sa mga kampanya sa larangan ng ekonomiya, nagsasagawa din ng iba pang kampanya ang rebolusyonaryong kilusan tulad ng kampanya sa literasiya at numerisiya, kalusugan at sanitasyon.

Ipinapalaganap ang pambansa, syentipiko at pangmasang sistema ng kultura at edukasyon upang pawiin ang mga pamahiin at pyudal na paniniwala na siyang humadlang sa mabilis na pag-aangat ng produksyon sa kanayunan. Sa pamamagitan ng mga kampanyang edukasyon at impormasyon, nilalabanan ang lahat ng kontra-rebolusyonaryong kaisipan nang may paggalang sa kalayaan sa pag-iisip at paniniwala ng sinuman.

Malayo na ang narating at marami na ang mga tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan sa unti-unting pag-aangat ng kabuhayan ng uring anakpawis alinsunod sa pagpapatupad sa programa ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa iba't ibang larangan. Hindi magtatagal, ang mga tagumpay na ito sa maraming bahagi ng kanayunan ng bansa ay magiging malaganap na diklap sa buong kapuluan upang ihudyat ang tagumpay ng pambansa demokratikong rebolusyon sa buong bayan at hawanin ang daan sa kasunod na sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. K

*KILOS PROTESTA*



## Kampuhang magsasaka ng TK, matagumpay na inilunsad!

Matagumpay ang Kampuhang Magsasaka na inilunsad ng mga samahang magsasaka mula sa Timog Katagalugan mula Oktubre 16 hanggang 21 sa harap ng Philippine Coconut Authority (PCA) sa Quezon City para sa paggunita ng Linggo ng Magsasaka.

Lumundo ang Kampuhang Magsasaka sa isang *caravan* mula Welcome Rotonda patungong Mendiola na dinaluhan ng 328 delegado ng Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK/KMP) at mga kaalyadong organisasyon nito sa rehiyon.

Kasabay ng Kampuhan idinaos ang mga protesta at dayalogo sa harap ng mga ahensya ng gubyernong Duterte at iba pang pagkilos sa TK.

Nauna rito ang piket-dayalogo sa Department of Agriculture kaugnay ng pagbagsak-presyo ng palay bunga ng Rice Tariffication Law (RTL) na hindi naman nagpababa sa presyo ng bigas. Iginiit nilang taasan ang presyo ng palay hanggang P20 kada kilo at kagyat na pagbabasura sa RTL.

Kasunod na kinalampag ang Department of Environment and Natural Resources upang irehistro ang pagtutol sa pagtatayo ng Kaliwa Dam sa mga bayan ng General Nakar at Infanta sa Quezon at Tanay sa Rizal, at proyektong reklamasyon ng Manila Bay na magpapalayas at wawasak sa mga tahanan at kabuhayan ng mga mangingisda at maralitang mamamayan sa baybayin ng Cavite.

Naglunsad rin ng protesta sa harap ng Department of Agrarian Reform bago makipagdayalogo hinggil sa mga tampok na kasong agraryo sa Timog Katagalugan. Kabilang rito ang kaso ng Hacienda Yulo sa Laguna; Hacienda Looc sa Batangas; Lupang Aguinaldo, Lupang Ramos at Lupang Kapdula sa Cavite; Luna Estate sa Mindoro; at sa tinaguriang 'Hacienda Belt' sa Quezon.

Tumungo rin ang mga magsasaka sa Sugar Regulatory Administration at nakipagdayalogo hinggil sa napakababang sahod at pagkakait ng Social Amelioration Fund sa mga manggagawang bukid sa tubuhan at pagbagsak-presyo ng asukal na umaabot na lamang ng P1,350 kada sako.

Idinulog din ng mga magsasaka sa PCA ang napakababang presyo ng kopra at buo ng niyog at pagbabalik ng higit P2-bilyong *coco levy fund* sa mga magniniyog.

Kasabay ng kampuhan ang mga koordinadong pagkilos sa iba pang bahagi ng Timog Katagalugan. Isa rito ang pagtitipon ng 70 taong simbahan at tagapagtaguyod ng karapatan ng magsasaka na kabilang sa Church-Peasant Solidarity Network noong Oktubre 17 sa Batangas.

Nagkaroon din ng dayalogo ang mga magsasaka ng Quezon kay Gov. Danilo Suarez kaugnay ng mababang presyo ng kopra at buong niyog, militarisasyon at panunupil sa magsasaka sa lalawigan.

Inilunsad din ang unang kongreso ng Katipunan ng mga Samahang Magbubukid - Rizal na dinaluhan ng 30 kinatawan.

Pinatampok din sa Linggo ng Magsasaka ang pasistang atake sa hanay ng mga magsasaka kabilang ang militarisasyon, pambobomba, pamamaslang, pagsampa ng gawa-gawang kaso at pagpiit sa mga lider at karaniwang magsasaka.

Apat na magsasaka na mula sa TK ang pinatay sa ilalim ng rehimeng US-Duterte habang pitong lider magsasaka ang nakapiit at sinampahan ng mga gawa-gawang kaso. Kabilang dito ang tagapangulo ng KASAMA-TK na si Norly Bernabe na hinuli noong Pebrero 7, 2019 at kasalukuyang nakakulong sa Palawan Provincial Jail. K

# *Focused military operations* ng AFP-PNP, patuloy na nananalasa sa mga kanayunan ng TK

Tuluy-tuloy ang paghahasik ng teror ng rehimeng US-Duterte sa TK sa pamamagitan ng pinabangis na *focused military operations*.

***Quezon.*** Halos isang buwan nang nananalasa ang mga yunit ng 85th IBPA, 1st IBPA at 80th IBPA sa mga bayan ng Catanauan, General Nakar, Mauban at San Narciso.

Pinakamatagal dito ang *focused military operations* na inilulunsad ng berdugong 80th IBPA sa mga komunidad ng Dumagat, Remontado at mga setler sa General Nakar na nagsimula pa noong Mayo. Bukod sa panghahalihaw sa mga komunidad, paninindak, pananakot at pamimilit para umaming mga kasapi ng BHB ang ginagawa ng mga militar para palabasing nagtatagumpay ang kanilang kampanyang pagpapasuko.

Sa Sityo Pangi, Brgy. Doongan sa Catanauan, gumawa pa ng pekeng kampuhan ng BHB ang mga militar para suhayan at bigyang-katwiran ang inilulunsad na FMO.

***Mindoro.*** Nagpapatuloy ang inilulunsad na FMO ng mga pwersa ng 4th at 76th IBPA sa mga bayan ng Calintaan, Magsaysay, Rizal, at Sablayan, San Jose sa Occidental Mindoro at sa Bongabong, Bulalacao, Mansalay, Roxas, Socorro at Victoria sa Oriental Mindoro mula pa buwan ng Abril. Ibayong karahasan at dislokasyon sa hanay ng mga katutubong Mangyan at maralitang setler ang inihahatid ng mga operasyong militar na ito. K

## 1 buntis at kanyang kapatid, sugatan sa pamamaril ng 4th IB sa Mindoro

Nasugatan ang magkapatid na Mariela at Rica Torres sa isinagawang pamamaril ng mga elemento ng 4th IBPA sa kanilang bahay sa Barangay Manoot, Rizal, Occidental Mindoro noong Oktubre 3.


Si Mariela na kasalukuyang nagdadalangtao ay tinamaan sa balikat at hita, habang ang kanyang kapatid na si Rica ay nasugatan sa bahagi ng kanyang paa. Diumano'y may hinahanap na yunit ng BHB ang mga militar nang palibutan nila ang bahay nina Torres at pinagbabaril ito.

Kinundena ni Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng Lucio de Guzman Command-BHB Mindoro ang paghahasik ng teror at pasismo ng AFP sa hanay ng mamamayan sa pamamagitan ng kanilang *focused military operations*.

Aniya, "Ang mga ganitong krimen ang dahilan bakit patuloy na naglulunsad ng armadong pakikibaka ang BHB laban sa pasistang rehimeng US-Duterte. Ang mga atrosidad na ito ang nagtutulak sa maraming sumapi sa BHB para makamit ang hustisyang panlipunan at wakasan na ang tiranya ni Duterte." K

## ANG MADUGONG REKORD NG 4TH IB AT 203RD BDE SA MINDORO NGAYONG 2019

1. **Abril**. Pambobomba/*aerial strafing* sa pamayanan sa kabundukang saklaw ng San Jose, Occidental Mindoro.
2. **Mayo.** Dinampot at dinala sa kampo-militar ang apat na katutubong Tao-Buhid sa Sablayan, Occidental Mindoro (76th IB).
3. **Hunyo.** Walang-awang pamamaslang kay Prentice "Tatay Prentes" Gutierrez sa Calintaan, Occidental Mindoro at pinalabas pang kasapi ng NPA sa pamamagitan ng pagpapalit ng damit nito at paglalagay ng baril.
4. **Agosto.** Paglikas ng mga katutubong Mangyan mula Rizal at San Jose dulot ng nagpapatuloy na FMO sa lugar kung kailan lumaganap ang epidemya ng tigdas na ikinasawi ng di-bababa sa 100 katutubo.
5. **Oktubre.** Walang-patumanggang pamamaril na ikinasugat ng isang buntis at kapatid nitong babae sa Rizal, Occidental Mindoro.





## Berdugong 4th IB, patuloy na binibigwasan ng BHB Mindoro

Binasag ng BHB-Mindoro ang pananalasa ng focused military operations (FMO) sa buong isla matapos ilunsad ang dalawang matagumpay na ambus laban sa mga yunit ng militar.

Noong Oktubre 23, napatay ang isa at nasugatan naman ang dalawa pang elemento ng 4th IBPA sa matagumpay na pananambang ng Pulang hukbo sa Sityo Mantay, Brgy. Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro. Makalipas lamang ang limang araw nang pasabugan ng dalawang *command-detonated explosives* (CDX) ang dalawang truck ng 4th IBPA sa parehong barangay kung saan hindi bababa sa 10 ang kaswalti na natamo ng mersenaryong pwersa.

Samantala, noong Hulyo 6, inambus ng isang tim ng BHB-Mindoro ang isang elemento ng 4th IBPA sa Sityo Moswit, Brgy. Cabugao Bulalacao, Oriental Mindoro. Napatay sa nasabing ambus si PFC. Reymund Samillano at nasamsam ang 2 *android phone* at mga ID.

Si Samillano ay isang regular na pwersa ng 4th IBPA na nagsasagawa ng paniniktik sa Sityo Cambayang laban sa rebolusyonaryong mamamayan.

## 7 sundalo, kaswalti sa serye ng mga opensiba ng AMC-BHB Quezon

Noong Oktubre 8, inisnayp ng isang yunit ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon ang isang yunit ng 1st IBPA sa Sityo Abu-abo, Brgy. Cagsiay 2, Mauban. Isang pasistang sundalo ang napatay ng Pulang isnayper ng BHB.

Oktubre 17 naman nang pasabugan ng isa pang yunit ng AMC-BHB Quezon ang nagpapatrulyang tropa ng 85th IB sa Sityo Catulin, Brgy. Suha, Catanauan. Hindi bababa sa anim na sundalo ang patay.

Ayon kay Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng BHB-Quezon, ang pagpapatrulya ng mga yunit ng militar sa lalawigan ay bahagi ng kanilang inilulunsad na FMO na nagsimulang manalasa sa mga nasabing bayan mula pa buwan ng Setyembre. Pangunahing laman ng FMO ng AFP ang pananakot at kampanyang pagpapasurender sa mga magsasaka at inosenteng sibilyan.

## BHB: Walang sumukong miyembro sa mga probinsya ng Laguna, Quezon at Rizal

Pinabulaanan ng mga tagapagsalita ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon ang ipinakanang pagpapasurender ng 2nd ID sa Quezon. Anila, ang mga ito ay pawang mga sibilyan mula sa hanay ng katutubong Dumagat na pinwersa ng mga yunit ng AFP na sumuko.

Nasa maayos na katayuan ang lahat ng mga opisyal at mandirigma sa buong lalawigan at wala ni isang armas ng BHB Quezon ang napasakamay ng mga militar. Iginiit rin ng BHB Quezon na ang pakanang pekeng pagpapasurender ng AFP-PNP sa buong bansa sa pamamagitan ng E-CLIP ay gatasang baka lamang ng mga opisyales nito.

Inilantad din ng BHB Quezon ang paulit-ulit na pagsisinungaling at paglalako ng pekeng balita ng mga opisyal ng AFP sa TK.

Samantala, ayon naman sa Narciso Antazo Aramil Command (NAAC)-BHB Rizal, ang sinasabing 26 na sumuko ay mga sibilyan na mapayapang namumuhay sa kabundukan ng Sierra Madre. Pinasubalian din ng NAAC ang akusasyon ng AFP na nagrerekrut ng mga menor-de-edad ang BHB. Giit ng BHB Rizal, ang BHB ay tumatalima sa panuntunan nito na pagrerekrut ng mga kasapi na hindi dapat bababa sa 18 taong-gulang.

## Mga operasyong isparo, isinagawa ng BHB-Mindoro

Matagumpay na isinagawa ng isang tim ng Lucio De Guzman Command (LDGC)-BHB Mindoro ang operasyong isparo sa isang *intelligence asset* ng militar sa Sitio Tambangan, Brgy. San Juan, Bulalacao, Oriental Mindoro noong gabi ng Oktubre 6.

Nasawi sa nasabing operasyon ang asset na si Euguene Gadon. Sapilitan na pinasasapi ni Gadon ang mga kabarangay sa CAFGU at mga grupo sa paniktik ng militar kung saan ang mga di pumapaloob ay binabantaang ipakukulong. Liban pa dito ay may kaso rin ng panggagahasa si Gadon sa isang menor-de-edad sa bayan ng Roxas noong 2007.

Lubos ang kasiyahan ng mga residente sa matagumpay na operasyon.


Samantala, matagumpay na inaresto at ginawaran ng rebolusyonaryong hustisya si Jomel Selorio. Si Selorio ay aktibong kasapi ng CAFGU na naniniktik sa hanay ng mamamayan at nagtatayo ng *network* ng mga *asset*.

Pinalaya naman ang kanyang kapatid na si Leon Selorio na kasama din sa naaresto. Habang bihag si Leon ay tiniyak ang makataong pagtrato sa kanya sang-ayon sa mga prinsipyo at patakaran ng BHB.

# Kabuluhan ng Pag-aambag

## Bungangkahoy

*ni Ka Jani*



**“Tatlong ilog at apat na** bundok ang tatawirin natin para makarating kina Ka Boying. Humanda sa maghapong lakaran. Tiis na muna, mga kasama. Kapag nakarating tayo doon, makakapahinga rin tayo kahit isa o dalawang gabi,” sambit ni Ka Dona, ang aming platun lider.

Pagkabriping, namahagi kami ng tiglilimang pirasong manggang pinitas ng mga kasama nung umaga at lumakad na. Buti na lang at tag-mangga. Dati, pinoproblema namin ang pagpapatiyak ng maraming panustos sa mga kasama. Ngayon, higit na problema dahil wala nang titiyaking panustos. Ibig sabihin, gutom. Huling bigas na ang isinaing nung isa pang gabi mula sa tinitipid naming panustos. Hindi ko na rin mabilang kung ilang mga tipas at bundok na ang binagtas namin para makalayo sa operasyon ng kaaway.

Dalawang oras mahigit na kaming naglalakad. Paubos na rin ang inuut-ot kong mangga.

“Tigil muna. May masa raw sa harap,” pasa-ulat ni Ka Nadine habang nasa kalagitnaan ng sapa.

“Aba, ikaw pala! Magandang umaga, Ka Boying!” ani Ka Dona.

“Magandang umaga, mga kasama! Magtatago sana ako nung naaaninag ko kayo sa itaas ng bundok. Akala ko mga kaaway na,” nahimasmasan at nakangiting tugon ni Ka Boying habang kumakamay.

“Sa lahat ng masasamang balita nitong nakaraan, ang pagkatisod namin sa’yo ngayon ang pinakamagandang nangyari. Kumusta kayo at ang paligid?” tanong ni Ka Dona.

“Ayos lang kami. Kayo ang kumusta? Hinihintay ko talagang dumaan kayo dito. Alam kong ito ang ruta ninyo kung sakali e. May kaaway malapit sa baryo. May alam akong lugar na pwede kayong makapagpahinga," ulat ni Ka Boying.

"Kung ganun, pwede mo ba kaming ihatid bago dumilim? tanong ni Ka Dona.

Nagpulong ang kumand para sa bagong kondukta. Habang nagpapahinga, napansin ng mga kasama na may usok sa ibaba ng sapa.

"Anak ko ‘yan, si Ben. Malamang isinalang na nya ng dala naming kamote at saging," paliwanag ni Ka Boying.

"Naku, maraming salamat talaga. Kahit paano'y mapapanatag kami ngayong kasama namin kayo," sagot ni Ka Dona.

"Sino pa bang magtutulungan kundi tayo, 'di ba?" ani Ka Boying.

Maya-maya'y umakyat na si Ben at sinabing, "Luto na po ang pagkain! Kain na po kayo, mga kasama!"

“Ka Dessa, ikaw na ang magbadyet. Pasesentruhin ko lang dito ang iba pang por* para kumuha ng badyet nila,” atas sa akin ng aming punong por.

Kahit konti lang ang saging at kamote ay masaya kaming nagsalu-salo kasama ang masa.

**por – opisyal sa lohistika*

*Ikalawa sa serye ng tatlong dagli na nagsasalarawan ng iba’t ibang anyo ng dakilang pag-aambag ng Pulang hukbo at baseng masa sa digmang bayan sa gitna ng pinatinding atake ng JCP Kapanatagan sa TK.*